DEPARTMENT OF
HOMELESSNESS AND
SUPPORTIVE HOUSING

Shireen McSpadden, Executive Director

London Breed, Mayor

**FAQ - The Panoramic**

**Ano ang panukalang proyekto sa 1321 Mission Street, The Panoramic, at para kanino ito?**
Ipinapanukala ng City of San Francisco ang pagbili sa 160 yunit ng The Panoramic sa 1321 Mission Street, para magamit bilang Permanenteng Pansuportang Pabahay (Permanent Supportive Housing o PSH) para sa mga pamilyang walang matirahan dati. Maglalaan ang gusali ng murang pabahay na may mga panlipunang serbisyo sa mismong lokasyon para tulungan ang mga naninirahan dito na magkaroon at makapagpanatili ng bahay at kasiguraduhan.

Magkakaroon ang Panoramic ng mga kawani sa mismong lokasyon, propesyonal na tagapamahala ng ari-arian, at mga serbisyo ng suporta sa mismong lokasyon.

**Ano ang Permanenteng Pansuportang Pabahay?**
Ang Permanenteng Pansuportang Pabahay (PSH) ay murang pabahay na may mga pansuportang serbisyo sa mismong lokasyon. Ang mga nakatira sa PSH ay may kanya-kanyang yunit at kasunduan (lease).

**Paano napili ang tagabigay ng serbisyo?**
Pipiliin ang non-profit na tagabigay ng serbisyo sa isang competitive na proseso.

**Ano ang naging proseso sa pagpili sa lokasyong ito?**
Para tulungan ang City at County of San Francisco sa pagtugon sa kawalan ng tirahan, nag-isyu ang Departamento ng Walang Matirahan at Pansuportang Pabahay (Department of Homelessness and Supportive Housing o "HSH") ng Kahilingan para sa Impormasyon (Request for Information o RFI) sa mga interesadong may-ari ng ari-arian para magsumite ng impormasyon para tulungan ang City sa pagtukoy ng mga naaangkop na ari-ariang posibleng bilhin bilang Permanenteng Pansuportang Pabahay. Nagsumite ng impormasyon ng property ang mga may-ari ng Panoramic sa ilalim ng RFI, at pagkatapos suriin ang dokumento at bisitahin ang site, binigyang-priyoridad ang ari-arian para mabili batay sa kondisyon, lokasyon, presyo, at kakayahan nitong matugunan ang mga pangangailangan ng populasyon ng mga may sapat na gulang.

**Ano ang proseso ng pag-apruba at pagpapatuloy? Isa pa, ano ang timeline**?
Alinsunod sa Chapter 79 sa Administrative Code (Prop I), kailangan ng HSH na magbigay ng 30 araw na abiso ng pagbabago sa paggamit ng isang kasalukuyang site.

Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga abiso sa Prop I at mga pampublikong pulong para sa mga panukalang proyekto ay makikita sa website ng HSH sa: https://hsh.sfgov.org/get-involved/notices/

Dapat pahintulutan ng Board of Supervisors ang pagbili sa gusaling ito. Diringgin ng Board of Supervisors ang paksang ito sa komite sa Setyembre 2021. Ang mga detalye tungkol sa petsa, oras, at lokasyon ng pagdinig ay ipo-post sa https://hsh.sfgov.org/get-involved/notices/ at sa website ng Board of Supervisors.

**Para saan ginagamit ang kasalukuyang site? Kung may mga kasalukuyang naninirahan dito, ano ang mangyayari sa kanila?**
Sa kasalukuyan, ang gusaling ito ay isang residensiyal na gusaling maraming bakante. Maaaring manatili ang sinumang nakatira sa gusaling ito hangga't gusto nila ayon sa mga tuntunin ng kani-kanilang pribadong kasunduan (lease). Ang sinumang kasalukuyang naninirahan dito ay magkakaroon ng access sa mga event, aktibidad, at serbisyong ibibigay ng napiling non-profit na tagabigay ng serbisyo.

**Inuupahan ba ng City ang site na ito? Kung oo, gaano katagal? Kung hindi City ang umuupa, sino?**
Plano ng City na bilhin ang site. Pagkatapos ng pagbili, pipili ng tagapagbigay ng serbisyo/operator sa pamamagitan ng isang competitive na proseso para patakbuhin ito bilang isang Permanenteng Pansuportang Pabahay para sa mga pamilyang walang matirahan dati.